

1

Mag-a-alas doce na ng tanghali nang marating ni Jenny ang bahay nila sa Bato, Camarines Sur. Halos pitong oras din siyang nag-drive mula Quezon City. Agad niyang natanaw ang kumakaway na ama, katabi ang ina niya.

Pagkaparada ng sasakyan ay agad na lumapit ang ina sa kanya at mahigpit siyang niyakap. Bakas sa mga mukha nito ang magkahalong pag-aalala at kasiyahan na makita siya.

“Salamat sa Diyos at maayos ka,” sabi ng kanyang ina, si Dr. Corazon Mendoza.

Sunod na yumakap ang kanyang ama, ang retired na hukom na si Jaime Mendoza.

“I’m okay. Pagod lang sa biyahe,” paniniyak niya.

“Tamang-tama, ipinagluto kita ng favorite mong sinigang na hipon. Tara nang kumain,” yaya ng mommy niya.

Masaya siyang pumasok sa bahay at dere-derechong naglakad sa dining room. Malaki ang bahay nila. Ipinagawa ito ng daddy niya kasunod ng

istilo ng isang chalet. Nabighani ang magulang niya sa mga bahay sa South France nang magbakasyon ang mga ito roon.

Bunso siya sa tatlong magkakapatid. Ang ate niya ay nasa Hawaii dahil nakapag-asawa ito ng Amerikano, samantalang ang kuya naman niya ay pari na nakabase sa Qatar.

Naka-schedule ang kanyang mga magulang na pumunta sa Hawaii sa susunod na linggo, kaya bago umalis ay nakiusap ang mga ito na umuwi muna siya sa probinsya para na rin sa sarili niyang kaligtasan.

Sunud-sunod na death threats ang natanggap niya mula nang hawakan niya ang land dispute case ng isang agricultural cooperative laban sa isang mayor sa Bulacan.

Ang claim ng cooperative, nai-donate na ng lolo ng nasabing mayor ang sampung ektaryang lupain sa kooperatiba. Sabi naman ng mayor, fake ang Deed of Donation na ipiniprisinta ng kooperatiba.

At dahil ang opisina ng cooperative ay sa Quezon City kung saan siya namamasukan bilang abogado sa *Public Attorney's Office*, sa kanya napunta ang kaso.

Ngunit mahirap kalaban ang mayor. Makapangyarihan ito. Balita nga ay may private

army pa raw ito. Akala niya ang private army ay sa mga liblib na probinsya lang. Hindi pala.

Minsan ay may padrino itong dumalaw sa opisina niya. Ipatalo raw niya ang kaso at bibigyan siya ng bonus ng alkalde. Mariin siyang tumanggi sa alok nito. Galit itong umalis at pinagbantaan siyang pagsisisihan niya ang pagtanggi sa mayor. Binalewala niya ang bantang iyon.

She lived in a secure condominium. Salang-sala ng mga guwardiya ng condo ang mga bisitang pumapasok sa building nila. Maingat din siya sa pagbibiyahe. Dumadating siya at umaalis ng opisina bago pa maggabi.

Ngunit tatlong araw matapos ang insidenteng iyon ay pinasok ang bahay niya. Nilaslas ang lalamunan ng kanyang pusang si Blink. Isinulat pa sa salamin ng banyo niya ang salitang “back off” sa malalaking letra, gamit ang dugo ng pusa. Kahit matapang siya ay hindi niya napigilang matakot sa nakita. Nakalusot ang mga tauhan ng mayor sa guwardiya ng condominium niya. She definitely needed to be more vigilant.

Makaraan iyon ay nag-file siya ng indefinite leave sa PAO. Nagdesisyon ang PAO na i-media ang kaso upang maproteksyonan siya pati na rin ang

abogadong pumalit sa kanya.

Kaya heto at muli siyang bumalik sa bayan nila. Ligtas siya sa kanilang bahay. Hindi na siya masusundan ni Mayor dito. She had not declared her hometown address in her employment record. At kung mag-abala pa itong alamin iyon, may koneksyon din naman ang pamilya niya kahit paano.

Magana ang pagkain niya ng sinigang na hipon. Mas ginanahan siya dahil may kasabay siya sa pagkain. Mag-isa siyang namumuhay sa condo niya sa Quezon City. Sinarado muna niya ito. Binilinan niya ang mga guwardiya na bantayang mabuti ang kanyang bahay.

Matapos makakain ng hapunan ay nagpahinga siya sa duyan na nasa balkonahe. Walang humpay ang chikahan nila ng ina. Nakatulugan na nga niya ang pakikipag-usap dito. Naalimpungatan siya sa pagdating ni Lilian Alvarez, ang best friend ng mommy niya.

“Hija, kumusta ka na?” bati nito sa kanya. Yumuko ito upang halikan siya sa pisngi.

“Okay lang po. Kumusta na po?” Nginitian niya ito.

Ngumiti rin ito. The older woman was still pretty

despite the age lines.

“Okay lang din, Hija. Dumaan ako sa mommy mo para i-remind siya tungkol d’un sa dinner sa amin mamaya. Tatal, eh, sa isang linggo na ang flight nila papuntang Hawaii at after six months pa ang balik. Kailangan naming mag-bonding,” sabi pa nito.

Natawa naman ang mommy niya. Best friend nito si Lilian simula pa elementary days. Teacher si Lilian ngunit hindi ito nagturo gawa ng mayaman ang napangasawa nito.

May fifty hectares itong lupain. Seventy-five percent niyon ay magkahalong pig at poultry farm. May meat factory ang mga Alvarez sa Laguna. Gumagawa sila ng processed meat products tulad ng tocino, hotdog, longganisa at iba pa.

Bukod sa sariling alaga ay namimili pa ang *Alvarez Foods, Inc.* ng livestock mula sa suki nitong piggery at poultry sa buong Camarines Norte pati na sa Quezon Province.

“Hija, since ’andito ka rin naman, sumama ka sa mommy at daddy mo sa dinner mamaya. Magluluto ako ng favorite mong bulalo,” sabi nito. Alam nitong mahilig siya sa lutuing may sabaw.

Tumango siya bilang pagsang-ayon. “Sige po.

Pakidamihan ang sinaing. Tiyak na marami akong makakain,” habilin niya.

Natatawang tumango ito bago nagpaalam sa kanila ng mommy niya. “Sure. O siya, mauna na ako, kailangan ko pang ihanda ang mga rekados,” sabi pa nito. Masarap itong magluto kaya excited si Jenny na pumunta sa bahay nito.

“Mommy, nasaan si Max?” tanong niya sa ina nang makaalis na si Lilian.

Si Max ay ang kaisa-isang anak ni Lilian. Kung ang mommy niya at si Lilian ay mag-best friend, sila naman ni Max ay mortal enemies noong high school.

“Nasa Laguna. Once a month iyon kung umuwi o kaya ay kung may problema sa piggery,” sagot ng mommy niya.

“Good,” nasambit niya. Wala siya sa mood na sirain ang kanyang appetite kapag nakita ito.

Hindi sila close ni Max kahit pa madalas itong pumupunta sa bahay nila and vice versa, bitbit ng kani-kanilang mga ina na walang sawa sa pagchika.

Isang taon lang ang agwat nila ni Max. Nasa senior year ito noong nasa high school sila at nasa

junior year naman siya. Naging presidente rin ito SK samantalang councilor siya. Ang classmate niyang si Beth na girlfriend ni Max ay councilor rin.

Nag-propose siya noon ng livelihood project kay Max. May buyer siya ng handicraft products. Sinabi niya sa lalaki na tuturuan nila ang mga kabataan na gumawa ng handicrafts para may pambili ang mga ito ng school projects.

Ngunit nagdesisyon si Max na huwag i-approve ang proposal niya. Ituon na lang daw ang attention nila sa pagpapagawa ng basketball court at iba pang recreational programs para sa mga kabataan.

“Ang kailangan ng kabataan ngayon ay basketball court at hindi ang gumawa ng basket o bag,” nakakaloko nitong sabi sa kanya.

Naalala niyang natawa si Beth sa sinabi ni Max.

Hindi niya pinansin si Beth. Kumukulo ang dugo niya sa kaartehan nito. Kung tutuusin naman ay mas maganda siya rito kung hindi lang siya naka-braces at salamin.

“Itinaas ko sa Town Council ang proposal mo. Ang livelihood project mo ay akma sa mga magulang na nagnanais na magkaroon ng extra income. Ano ang aasahan mo sa mga kabataan? Kinatatamaman nga

ang paggawa ng assignment, handicraft bags pa kaya?”

Narinig niyang humagikgik muli si Beth. Nakakatulig sa tainga ang impit nitong paghagikgik.

“Kaya, ibinigay ko ang buyer mo kay Councilor Eduardo Sanchez. Siya na raw ang magtutuloy ng project mo.” Ang tinutukoy nito ay ang ama ni Beth na konsehal ng bayan na aspiring maging mayor sa susunod na election.

Nainis siya sa ginawa nito. “Bakit mo ibinigay kay Mr. Sanchez ’yung buyer ko nang walang permiso ko? Ako ang naghirap maghanap ng contact ’tapos ibinigay mo lang sa iba?” reklamo niya kay Max. Napupusuan niyang ibigay ang project na iyon sa kaibigang konsehal ng daddy niya.

Tumaas ang kilay ni Beth sa narinig. Halatang hindi nito nagustuhan ang kanyang reklamo.

Narinig niya ang ibinulong nito sa katabing si Madel, “Buti nga sa daddy ko ibinigay. Ano ba’ng problema niya? Galit siya kasi mawawalan siya ng kickback!”

Sinadya nitong lakasan ang pagbulong upang marinig ni Jenny. Hindi niya napigilan na komprontahin ito.

“Narinig ko ang sinabi mo Beth,” sita niya rito.

Hindi naman ito tumanggi. “Eh, ano ngayon kung narinig mo?” Nakakaloko ang ngiti nito. Sadyang iniinis siya. “Totoo naman ang sinasabi ko. Nakausap ni Daddy ang buyer mo, ten pesos ang presyo kada bag pero ang sabi mo ay five pesos lang. So ’yung difference na five pesos, ibubulsa mo? Nagpapanggap kang mapagkawanggawa, eh, corrupt ka rin naman pala,” akusa nito sa kanya.

Tuluyan nang sumabog ang matagal na niyang tinitimping galit at inis dito dahil sa mga binitawan nitong akusasyon sa kanya. Mabilis niyang naibato ang hawak niyang notebook sa mukha nito. Ngunit mabilis rin itong nakailag. Mula sa pagkakaupo ay mabilis itong nakatayo upang hablutin ang buhok niya. Gumanti rin siya. Hinablot rin niya ang mahaba nitong buhok. Hindi pa nakuntento sa pagsasabunutan, nagpalitan rin sila ng suntok, sabunot at tadyak. Nagkagulo sa loob ng meeting room.

Hinawakan siya ni Max sa dalawang kamay upang pigilan dahilan upang hindi siya makakilos. Sinamantala naman ni Beth na hawak siya ng nobyo nito. Isang malakas na sampal ang dumapo sa pisngi niya. Susundan pa sana ito ng isa pang sampal ngunit naawat na ito ng ibang member ng council.

Galit na galit siya kay Max. Kung hindi siya nito hinawakan ay hindi sana siya nasampal ni Beth. Marahil ay sinadya nitong hawakan siya sa kamay bilang pagkampi sa girlfriend. Parang sasabog ang dibdib niya. Ang pakiramdam niya ay pinagkaisahan siya ng mga ito. Gusto niyang bugbugin ang lalaki sa sobrang inis dito ngunit pinili na lamang niyang isumpa ito nang lihim.

Sa galit dito ay ipinangako niya sa sarili na hindi siya makikipagkasundo rito, kahit pa makiusap ang mommy at ang Tita Lilian niya. Nag-sorry naman sa kanya si Max dahil sa insidenteng iyon. Ipinaliwanag nito sa kanya na hindi nito intensyon na masaktan siya ni Beth. Ngunit hindi niya tinanggap ang sorry nito. Bagkus ay lalo pa siyang nainis dito. Pakiramdam niya kasi ay hindi sinsero ang lalaki sa paghingi ng sorry at napilitan lamang dahil sa utos ng ina. Nagtapos si Max ng high school nang hindi niya ito kinikibo.

Ngunit makalipas ang mahabang panahon ay nag-subside rin naman ang galit niya rito. They have both developed into mature adults. Wala rin palang sugat o pagkainis ang hindi napaghihilom ng panahon. Ngunit pareho na yata nilang nakasanayan na huwag pansinin ang isat't isa. Kaya't sa mga family occasions na dinadaluhan nila, sinasadya nilang huwag magkrus ang kanilang mga landas.

2

Ngiting-ngiti ang mommy niya pagkakita sa suot niyang damit. Isang black halter mini dress na galing pang *Macy's* ang suot niya. Gift iyon sa kanya ng friend niyang galing New York. Maganda raw ito at bagay na bagay sa kanya.

Kapag bumibisita sa kanya ang ina ay halos laging naka-long sleeves at slacks siya.

“My, hindi bagay na magpalda ako sa work ko. Eh, madalas akong bumibisita sa mga kliyente kong taga-city jail, baka mabastos lang ako,” katuwiran niya sa mommy niya nang minsan nitong i-suggest na mag-pencil cut skirt siya.

“I like your dress,” bati sa kanya ni Lilian pagkakita sa kanya. Naghihintay ito sa bukana ng bahay nito.

Maganda ang bahay ng mga Alvarez. American style ang buong bahay. Two-storey ito at may basement.

Apat ang kuwarto sa itaas, isa sa ibaba. Recreational area naman ang basement. May billiard table doon at dart board. Alam niya ang labas at loob

ng bahay dahil madalas sila ng mommy niya rito.

Nakita niya sa gilid ng mata niya si Max na nakatayo malapit sa hagdanan habang hinahagod siya ng tingin. Bumulong siya sa mommy niya. “My, akala ko ba wala dito iyan?” aniya, sabay nguso sa kababata.

Ngunit nagkibit-balikat lang ang ina. Hindi nito sinagot ang tanong niya. Seryoso itong humarap kay Juan Alvarez, ang ama ni Max.

Base sa ginawi ng ina, alam niyang nagsinungaling ito kanina sa kanya. Malamang ay alam nitong naroroon si Max sa bahay ng mga ito.

Siya ang topic ng matatanda. “Eh, s’abi ko nga sa kanya, ‘Anak, magpahinga ka muna dito. Safe ka sa bayan natin. Saka ’andiyan si Lilian at Juan para tingnan-tingnan ka habang nasa Hawaii kami,’” narinig niyang sabi ng daddy niya sa mag-asawang Alvarez. Halatang inihahabilin siya nito sa dalawa.

Lumapit sa kanya si Max nang mapansing mag-isa siyang nakaupo sa sofa. Matapos ang maikling kuwentuhan ng mga magulang niya at ni Max ay basta na lang siyang iniwan ng mga ito sa salas. Tutulungan ng mommy niya si Lilian maghain ng hapunan samantalang ang daddy naman niya ay

sumama kay Juan sa private office nito.

Naiinis siya sa mommy niya. Sadya ba siya nitong iniwan kasama si Max sa salas na iyon? Minsan na niyang narinig ang pag-uusap ng dalawang ginang na gusto ng mga itong silang dalawa ni Max ang magkatuluyan.

Hell would freeze over, siguro, bago mangyari iyon.

Max didn't like her and she felt the same way. Wala silang amor o ni katiting na closeness man lang na nadarama sa isa't isa kahit pa lumaki silang magkasama dahil na rin sa kani-kanilang ina.

Umupo si Max sa harap niya. May tangan itong beer sa kamay. Muli siya nitong hinagod ng tingin mula ulo hanggang paa. Nakalabas pa naman ang cleavage niya. Nagsisi siyang iyon pa ang naisuot. Baka isipin nito na trying hard siya. Kung alam lang niyang naririto ang binata ay hindi niya maiisipang isuot ang damit na iyon. Kahit pa sophisticated ang damit na iyon ay nagiging cheap sa paraan ng paghagod ng tingin ni Max sa kanya.

Ang bastos!

Ipinakita pa talaga nitong huminto nang ilang segundo ang mga mata nito sa puno ng dibdib niya.

Hinagod din niya ito ng tingin. Kahit inis siya rito ay hindi niya maipagkakailang ruggedly handsome ito. May manipis na bigote at balbas ito na nakapalibot sa bibig, medyo mahaba at magulo ang buhok. Hindi ito ang typical na clean cut na businessman.

Mukha itong artist painter na puyat at hindi nakapaligo nang isang linggo ngunit mukhang pa ring mabango at yummy. Ang mga mata nito ay malamlam na tila ba kulang sa tulog. Ang ilong nito ay katamtaman ang tangos. Naisip niya tuloy ang favorite niyang Australian country singer, mukhang kahawig ito ni Max.

He didn't have bulging muscles in his body, but she found him very sexy. He was tall and lean and definitely exuberating with sex appeal. Lalo pang nakakadagdag sa appeal nito ang mapanuring mga mata nito.

“Where’s your boyfriend?” tanong ng lalaki.

Pakiramdam ni Jenny ay pasarkastiko ang pagkakatanong nito sa kanya. Two years ago ay isinima niya si Edward sa fortieth wedding anniversary ng mga magulang niya. Naroroon din si Max kasama ang girlfriend nitong si Georgina.

Naalala niyang nainis siya noon sa lalaki sa

pagsasama nito kay Georgina sa okasyon. Agaw-pansin kasi ang nobya nito dahil maganda at sikat na model. Naagawan tuloy ng eksena ang mga magulang niya gayong ang mga ito ang nagpa-party.

“I don’t have one,” pag-amin niya. Matapos ang isang buwan mula nang party na iyon ay nag-break sila ni Edward.

Nilagok nito ang beer bago nagsalita. “Oh, what a shame,” sabi nito. “Tsk, tsk. And you’re already thirty,” pang-iinis pa nito. “I’m a little worried about you.”

“Oh, don’t be, because I’m not,” mataray niyang sagot. She was not a teenager anymore. Hindi na siya pumapatol sa mga mapang-asar nitong komento. She was mature enough to handle silly remarks. Binalewala niya ito. Tumayo siya upang sundan ang mommy niya sa kusina. Wala siyang panahong makipag-usap sa lalaking ito.

Nangingiting sinundan ng tingin ni Max ang dalaga. She was the same old Jenny, madaling inisin. Nagulat siya nang makita ito kanina. She looked different two years ago.

She was pretty then, but she was gorgeous now. Especially in her little black number. Lalong lumabas

ang kaputian nito dahil sa kulay ng damit. She was also sporting her natural curls, which suited her better than the rebonded hair that she seemed to prefer.

Hindi na mukhang nakuryenteng walis tambo ang buhok nito.

He must admit, she'd lost a few pounds. Expert siya pagdating sa kurbada ng katawan. Jenny used to be chubby, but now she was voluptuous. Lalo pa't halos kumawala ang malusog nitong dibdib sa suot na damit.

Sa taas nitong 5'3" ay maliit ito kumpara sa girlfriend niyang si Georgina na may taas na 5'9". But she carried her own version of sexiness, despite being petite.

Gone were the days when Jenny was with braces, eyeglasses, scattered eye brows and extra layers of cellulite. Sa paglipas ng panahon ay unti-unting lumitaw ang kagandahan nito.

Jenny was certainly an ugly duckling that had transformed into a beautiful, sexy swan.

Ganadong-ganado ang paghigop ni Jenny sa bulalong inihanda sa kanya. Hindi na niya alintana

kung panay ang titig ni Max sa kanya. Kaharap niya ito sa dining table, samantalang katabi naman niya ang ina.

“So, Jenny, what are your plans right now?” tanong ni Lilian sa kanya. Nasa dulong bahagi ito ng table.

“Stay at home and have plenty of rest,” mabilis niyang sagot sa ginang.

“Why don’t you join our company? You can be our in-house lawyer,” suhestyon ni Lilian. Tumingin ito sa asawang si Juan upang tingnan ang reaksyon ng huli.

Ngumiti lang ang lalaki, tanda ng pagsang-ayon.

Kabaligtaran ni Max. Sa narinig na iyon ay biglang itong nasamid sa kinakain. Agad itong tumingin sa ina; nagbigay ito ng warning look, ngunit hindi iyon pinansin ni Lilian.

“I don’t think Jenny’s going to be interested working in our boring office,” kontra ni Max. “Sanay si Jenny na makipagbalitaktakan sa korte, bumisita sa city jail at hawakan ang mga kaso ng mga inosenteng kriminal,” dagdag pa nito.

Humarap siya sa lalaki at matiim itong tinitigan

sa mga mata.

“Believe me, Jenny, our office is boring,” diin nito.

Nagpalipat-lipat ng tingin si Jenny sa mga taong nakapaligid sa kanya. With the exception of Max, all were smiling, anticipating her answer. Pakiramdam niya, nagplano na ang mga ito na alukin siya ng posisyon na iyon.

“Ano’ng masasabi mo, Jenny, sa suggestion ng Tita Lilian mo?” tanong ni Juan. Binalewala nito ang mga sinabi ng anak. He was obviously waiting for her answer.

Sinulyapan ni Jenny si Max. Halatang hindi ito sang-ayon sa suhestyon ng ina. Nakakunot na ang noo nito ngayon.

Matagal siya bago nakasagot. “Why not? Para na rin siguro maiba ang practice ko,” turan niya.

Five years ago, matapos siyang makapasa sa bar exam ay nagtrabaho siya sa *PAO*. Nasa criminal, family and property law ang expertise niya. Challenging ang trabaho, dahil iyon ang gusto niya, ngunit para na rin sa ikapapanatag ng kalooban ng mga magulang ay kinokonsidera na niyang mag-iba ng trabaho.

This offer was manna from heaven. Kung magiging company lawyer siya ng Alvarez, magiging tahimik ang buhay niya. Well, maybe.

Nakita niyang napatiiim-bagang si Max pagkarinig sa sagot niya. He was definitely not happy with her decision.

“That’s good!” natutuwang sabi ni Lilian. “Eh, kesa naman sa bahay ka lang pipirmi, maiinip ka lang.”

“I think Jenny deserves her break, Ma,” kontra ulit ni Max. Nakatingin ito sa kanya. “Baka nahihiya lang siyang tumanggi sa inyo. Give her a chance to think things over. Don’t make her decide right now.”

Jenny could smell his outright disapproval. She smiled sarcastically at him.

“I think your mother is right, Max. I’m used to working. Maiinip lang ako sa bahay, lalo pa’t aalis na sila Mommy next week. Maiiwan lang akong mag-isa d’un.”

Nakita niyang lalong kumunot ang noo ni Max nang panigan niya ang sinabi ni Lilian. Sumabat si Corazon. Hinuli nito ang mga mata niya. “Are you sure, Anak?”

Aalis ang magulang niya in one week's time. Maiiwan siyang mag-isa sa bahay, bukod kay Aling Maria na kasambahay nila. Maiinip nga lang siya. Ano ang gagawin niya, manood ng TV o magbasa ng libro maghapon?

“I'm sure, 'My,” sagot niya.

She was already decided, despite Max's obvious disapproval. Hindi kaya isa sa dahilan kaya bigla siyang pumayag ay para inisin ang kababata at finally ay magantihan niya ito sa mga nakalipas nitong atraso sa kanya? Was she happy seeing him so angry yet unable to voice out his anger? At bakit nga ba ito galit at kontra na mamasukan siyang company lawyer sa opisina nito?

Was he hiding something from his parents? May ilegal ba itong activities sa opisina nito? Was she not good enough to be the Alvarez' company lawyer?

“But we already have retainers, Dad,” pagpapaala ni Max.

Kailan kaya ito mauubusan ng excuses para huwag akong tanggapin? naisip ni Jenny.

Ang tinutukoy nitong retainers ay ang external law firm na siyang humahawak ng legal affairs ng kompanya.

“I think it is better if we have an in-house lawyer, Max.” Sa wakas ay nagsalita na rin si Juan Alvarez. “Mas matututukan ang mga kaso natin,” sabi pa nito.

Halos magsalubong na ang mga kilay ni Max. Hindi maipinta ang mukha nito. Kahit masarap ang mga nakahaing ulam ay tila ba nawalan na ito ng ganang kumain.

Nainis naman si Jenny sa binata. He was so obvious. Kahit pa kaharap ang magulang niya at mga magulang nito ay wala itong pakundangan sa pagpapakita ng pagkadismaya.

“Well, kung gayon ay ayos na pala,” anang daddy niya.

“It is time for dessert then,” natutuwang sabi ni Lilian. Tumayo ito at tinungo ang kusina upang kunin ang cheese cake na ginawa nito.

Matapos ang dessert ay tinungo nila ang salas upang magkape. Nag-aalala si Max sa binabalak ng ina. Pagkaalis ng mga Mendoza sa bahay nila mamaya ay kakausapin niya ang ina at kukumbinsihin itong huwag nang ituloy ang balak.

Sana ay maghimala ang Diyos dahil kapag

may gusto ang mommy niya, iyon ay tila batas na kailangang sundin. Sinisisi niya ang ama dahil ito ang nag-spoil sa ginang. Kaya pati tuloy siya ay hindi makatanggi sa gusto nito. Malambot ang puso niya sa ina.

Ibinaling niya ang tingin kay Jenny. Kanina sa hapag-kainan ay tila ba may halong pang-iinis ang mga sagot nito sa kanya. Tutol siyang maging lawyer nila si Jenny. Una, company legal matters were not her expertise. Sanay itong humawak ng mabibigat na kaso, makipag-argumento sa mga abogado. Maiinip ito kung panay paggawa ng kontrata, demand letters at kung anu-ano pang legal office documents lang ang gagawin nito. Second, Jenny was known to be pro-poor, defender of human rights. Baka pati ang nanahimik niyang workforce ay pakialaman nito. Ngayon pa lang ay inaasahan na niyang bibigyan siya ng sakit ng ulo ni Jenny.

Upang maiwasan ang maiinit na tingin ni Max sa kanya ay nagpaalam si Jenny na magpapahangin sa labas. She needed a bit of fresh air. Alam niyang galit si Max sa pagpayag niyang maging in-house lawyer ng *Alvarez Foods, Inc.*

Ngunit sinundan siya ng binata sa veranda. Imbis

na kape ay beer pa rin ang iniinom nito.

“What are you playing at?” atake kaagad nito.

She pretended not to understand him. “What do you mean?”

“Hindi ba obvious na hindi ako payag sa iniisip nila?”

“I know. We dislike each other.”

“It’s not just that. I don’t think you would enjoy the job, Jenny.”

“Who knows? I might like it. Baka sawa na rin akong makatanggap ng death threats. Perhaps, I’ll appreciate a peaceful practice.”

“I hope you’ll make everything peaceful between us. If you cause me any trouble, Jenny, I’ll make sure you’re out. Kahit pa magalit ang Mommy,” banta ni Max bago nilisan ang veranda.

Naiwan namang nangingiti si Jenny. Ano ba ang ikinatatakot ni Max? Bakit ba tila nate-threaten ito sa kanya? Mahinahon at diplomatic siyang tao. Trabaho lang, walang personalan.

Ano bang ‘trouble’ ang iniisip nito na gagawin niya? Wala siyang intensyon na muli pang buhayin

Pretend Wife - Aileen Samson

ang war sa pagitan nila. She was too old for that.

3

Kahit pagod ay nakuhang ngitian ni Max si Aling Maria. Nakasalubong niya itong nakasakay sa owner type jeep habang papalabas sa gate nila Jenny. Si Aling Maria ang kasama ng babae sa bahay. Noong isang araw ay lumipad na ang mga magulang ng dalaga patungong Hawaii.

“Hijo, nagmamadali kasi ako. May kaibigan ang anak ko na babalik na ng Dubai, eh, kailangan kong ibigay itong habilin ng anak ko na daing na pusit at matamis na pili. Magkikita kami sa bayan,” paliwanag ni Aling Maria nang tanungin niya kung saan ito pupunta. Mag-a-alas ocho na ng umaga iyon.

“Dumerecho ka na sa bahay. Tiyak na gising na si Jenny. Kung hindi man, katukin mo na lang ang kuwarto niya,” habilin nito. Bumaba ito mula sa owner type jeep. Mabilis nitong kinuha ang susi mula sa bulsa at ipinagbukas siya ng pinto.

Nagpasalamat naman siya rito. Pagkaalis nito ay kaagad pumasok si Max sa bahay. Kabisado niya ang loob at labas ng bahay. Tinawag niya ang pangalan ni Jenny ngunit hindi ito sumagot. Mukhang tulog pa ito.

Naghintay siya sa salas ngunit nainip din matapos ang sampung minutong paghihintay. Ipinasya niyang katukin ang pinto ng kuwarto nito at gisingin ang babae.

Ngunit tila tulog-mantika ang kababata. Makailang beses na siyang kumatok ngunit hindi man lang ito sumasagot. Pinihit niya ang seradura. Bukas ang pinto. Nagdesisyon na siyang pumasok upang gisingin ito; may lakad pa siya. Kailangan niyang makabalik agad sa Laguna dahil mayroon siyang meeting nang alas cuatro. Kung hindi nga lang sa pangungulit ng mommy niya ay hindi siya pupunta rito. Halos isang oras din silang nagtalong mag-ina. Tutol ang kalooban niya sa gusto nitong mangyari.

Pagkabukas ng kuwarto ay kaagad na tumambad sa kanya ang natutulog na si Jenny. Napangiti siya sa nakita. Akalain ba niyang pagbukas niya pinto ay tatambad sa kanya si Jenny in a fetal position na naka-undies lang at walang takip ang dibdib?

The last time he saw her, he was trying to imagine how good she'd look without her sexy black dress. Kahit pa inis siya noong gabing iyon, hindi niya alam kung bakit iyon ang naisip niya. Gusto niyang sisihin ang iniinom niyang *San Miguel Beer* sa pagpasok ng kabastusan sa isip niya. Naisip din niya na baka nami-

miss lang niya ang girlfriend niyang si Georgina na isang buwan na niyang hindi nakikita. Ayaw niyang aminin na ang kaseksihan ni Jenny ang siyang nagpapasok ng horny thoughts sa kaisipan niya.

Kung susuwertehin ka nga naman.

Heto at nasa harapan niya, nakahain pa. He did not even have to use his imagination. Halos lantad na ang katawan nito. Iyon nga lang, nakikita niya nang walang consent galing sa babae. Baka kapag nagising ito ay batuhin siya nito ng unan at akusahang namboboso.

Tatlong minuto rin niyang hinagod ng tingin si Jenny. His eyes feasted on her beauty. Kahit man lang dito ay makabawi siya sa sakit ng ulong ibinibigay ng mommy niya sa kanya.

Marahan niyang niyugyog ang balikat nito upang gisingin. Ngunit hindi ito nagising, bagkus ay nag-iba pa ito ng posisyon. Mula sa patagilid na pagkakahiga ay bahagya itong tumihaya.

Oh, God, naisaloob ni Max, what perfect breasts!

He reckoned they would fit perfectly in his hands. Porcelain flesh, pink nipples. She was wearing white undies, and he could see her feminine curls through it.

Kahit malakas ang hangin na nagmumula sa bukas nitong bintana ay bigla siyang pinagpawisan sa nakikita. Ngunit hindi ito ang tamang oras para mag-iba ang pakiramdam niya.

He reminded himself that he was supposed to be angry at the situation. Marahan niyang niyugyog ang balikat ni Jenny upang tuluyan itong gisingin.

Pupungas-pungas na iminulat ni Jenny ang mga mata upang makita ang taong nang-iistorbo sa pagtulog niya. Gayon na lang ang gulat niya nang makitang si Max ang nakatunghay sa kanya.

Napabalikwas siya. On impulse, she immediately snatched something to cover herself with—ang puting kumot na nahigaan niya. She knew she was half-naked.

“Get out!” sigaw niya. “Bastos!”

“Get dressed. You’re coming with me,” pautos na sagot nito.

Binalewala nito ang sinabi niya. His eyes were still roaming her body eventhough she’d covered it with the blanket. Pakiramdam niya ay tagus-tagusan ang tingin nito sa kanya.

“What the hell are you saying?”

“Pack your bags. You’re coming with me. You want to work with us, don’t you? Congratulations, you’re in,” sarkastiko nitong sabi.

Naguguluhan siya. Sa pagkakaalam niya ay sa susunod na linggo pa siya magsisimula. At bakit kailangan pa siyang sunduin ni Max? Aayusin pa lang niya this week ang bahay na tutuluyan niya sa Laguna.

“Yes, I know that, but I’m not supposed to start until next week. Wala pa akong tutuluyan doon,” paliwanag ni Jenny. Kipkip pa rin ang kumot na nakatakip sa kanyang dibdib ay inulit niya ang pagpapalabas dito. “Will you please get out of my room? Let me get dressed!”

“Change of plans. That’s why I’m here. You’re coming with me and you’re going to live with me, in my house,” walang kagatol-gatol nitong sagot.

Binalewala nito ang pakiusap niya. Bagkus ay umupo pa ito sa sofa na nasa paanan ng kama niya.

“Ha? You must be joking! I can’t live with you. Are you crazy?” Live in Max’s home? Big joke.

“Tell that to our parents. Sila ang nakaisip ng

ideya na tumira ka sa bahay ko. I don't want it either," walang gana nitong sagot.

"Then, say no. Insist on it!" Unti-unti nang nagbi-build up ang pagkainis niya rito. Lalo pa't alam niyang nabosohan siya ng binata. Ilang minuto kaya itong naroroon at nakatingin sa kanya?

Nagagalit din siya dito dahil tila pumayag na ito sa kagustuhan ng mga magulang nila.

"You think I'd simply let them tell me what to do? Sinubukan ko nang mag-insist." Tumayo ito mula sa pagkakaupo. "And it's been a total waste of time. So, let's just get this over and done with. Tumayo ka na diyan, magbihis at mag-empake. You have one hour. Magkakape lang ako sa baba," saad nito.

"I'm not coming," matigas na sagot niya.

"Don't act like a silly girl, Jenny. I don't have any time to waste. I have a meeting in eight hours." Matigas din ang tono nito.

"I am not going! You can't make me," singhal niya.

Mula sa pinto ay muling lumapit sa kanya si Max. He was too close. Max tilted up her chin so she could meet his eyes.

“Then, would you rather I remove this sheet, dress you myself and drag you to the car? Or would you just do as I say?” banta nito.

Jenny could smell his manly scent. He was too dangerously close to her.

“This is coercion. It is against my human rights,” halos pabulong niyang sabi. His scent was making her weak.

Natatawa nitong binitawan ang baba niya at tuluyan nang tinungo ang pinto. “I’m afraid I don’t buy that crap, Sweetheart. Human rights, my ass,” huling sabi nito bago tuluyang bumaba.

Naiwan si Jenny na nagngingitngit ang kalooban. She was definitely in a mess.

Narating nila ang bahay ni Max nang hindi nagkikibuan sa loob ng sasakyan. Parehong mabigat ang kalooban nila sa napagdesisyunan ng kani-kanilang mga magulang.

Bago umalis ng bahay ay tinawagan ni Jenny ang ina upang kumpirmahin kung totoo ang sinabi ni Max sa kanya. Para sa sarili niyang kaligtasan ay napagkasunduan daw ng mga ito na sa bahay siya ni

Max pansamantalang tumuloy. Kapag sigurado nang wala nang threats sa buhay niya ay malaya na siyang makakapili kung saan niya nais tumira.

Wala na siyang nagawa pa. She could not argue with her parents. Para rin naman sa kapakanan niya ang iniisip ng mga ito. But it was unfair to Max. Pati ito ay nadamay pa sa pinagdadaanan niyang gulo. Medyo nahimasmasan na siya sa nadaramang pagkainis dito kanina.

Three-storey ang bahay ni Max sa isang exclusive subdivision sa Biñan, Laguna. Mula sa entrada ay nasa kanang bahagi ang kitchen. Sa hallway papasok ng living area ay may isang maliit na wine cabinet. Nasa bandang staircase ang open dining room. Ang salas ay may mataas na ceiling. Open space ito hanggang sa ikatlong palapag. Sa second floor ay may dalawang malalaking silid. May isang maliit na spiral staircase paakyat sa third floor kung saan may attic at isang malaking gym room.

Sa kabuuan ay malinis ang bahay. Luminga-linga siya sa paligid upang tingnan kung may kasambahay ang lalaki, ngunit wala siyang nakita. Si Max na rin mismo ang nagkumpirma nito sa kanya.

“Wala akong kasambahay. I love my privacy too much. Mayroon akong stay out cleaner na pumupunta

dito once a week para maglinis.”

May diin ang pagkakasabi nito ng, ‘I love my privacy too much’. Nais ba nitong iparamdam sa kanya na nuisance siya? Na sa pagtira niya sa bahay nito ay mai-invade ang privacy nito?

Hindi niya napigilang magkomento, ‘I love my privacy, too. Kaya kung ako lang ang masusunod, I want to have my own place,’ sabi niya. Gusto niyang maging klaro rito na hindi niya rin ito kagustuhan.

“You should have thought of how manipulative our parents could be, before you agreed to work with me,” pagpapaalala nito sa kanya.

Nanisi pa ang hudas.

“It did not occur to me that they would go to this extent. Forcing us to live with each other. This is ridiculous.” Hindi pa rin siya makapaniwala sa nangyari.

Nagkibit-balikat lang ito sa sagot niya. “Nakinig ka sana sa akin. Well, ’andiyan na iyan, wala na tayong magagawa.

Narating nila ang magiging silid ni Jenny. The room was painted green. A neutral color. Halatang ang silid na ito ang siyang nagsisilbing guest room.

Malaki iyon, may living space sa kanang bahagi, may mini sala set at may malaking naka-hang na LCD TV sa dingding. May book case sa kaliwang bahagi ng silid na punung-puno ng paperbacks.

“Before I leave you here, I just want to tell you about my house rules,” maawtoridad na sabi nito. “First, you are not allowed to bring your boyfriend or any male friends in here. Kung makikipagkita ka sa boyfriend mo o sa kung sinomang Poncio Pilato, do it outside, huwag dito.

“Second, I don’t want you wandering in the house at night. May mini-fridge sa loob ng room mo para kung sakaling nauuhaw ka ay hindi ka na bababa pa. I can be with someone doing pleasurable things in the sofa. Ayokong maiskandalo ka.

“Third, may stock ’yung ref at fridge sa kitchen. Feel free to cook your food. Don’t worry about me, I don’t cook. I go home late and usually eat outside,” pagtatapos nito.

Tumango lang si Jenny sa mga habilin nito. Na-curious siya sa rule number two. He could be doing something pleasurable in the living room? Nagdadala pala ito ng babae sa bahay. Alam kaya ng girlfriend nitong model ang kalokohang ginagawa nito? Sa pagkakaalam niya ay temporarily based abroad si

Georgina.

Tumango siya ulit. “Noted,” nasabi na lang niya.

Tumingin ito sa relos. Alas dos na ng tanghali. “Have a rest. We are leaving in an hour,” anito.

Kumunot ang noo ni Jenny. “We?” tanong niya.

“May meeting ako sa isang potential supplier from Batangas. I need you to be with me. Welcome to your first day of work,” sabi nito bago lumabas ng silid.

Naiwan si Jenny na napapaisip. Nagkamali kaya siya sa pagtanggap sa trabahong ito? Would Max be a horrible boss to her to get even with her? Huwag naman sana. Wala naman siyang ginawang masama rito.